# Balitang Manmin

BILANG 107  MAYO 4, 2014


# Ang Walang Hanggang Pag-ibig at Awa ng Panginoon

## Puspusang Pinaghandaan ng Komite ng Sining ang Pagtatanghal ng 'Mga Luha' para sa Linggo ng Pagkabuhay



"Iiwan Ko ang puso Ko para sa Aking mga minamahal.
Idinadalangin Kong maabot nawa sila ng dakilang pag-ibig ng Ama."

Ito ang maalab na dalangin ng Panginoon dahil sa pag-ibig Niya para sa mga tao habang nakapako Siya sa krus para sa kanilang kaligtasan. Pinaghandaan ng komite ng sining ng Manmin Central Church ang pagtatanghal ng 'Tears' (Mga Luha) para sa Linggo ng Pagkabuhay.

Nagsimula ang pagtatanghal sa pagmamartir ni Apostol Pablo at ng mga alagad ni Jesus na nabuhay para lang sa Panginoon. Ipinakita sa entablado ang ministeryo, pagpako, muling pagkabuhay, at pag-akyat sa langit ni Jesus.

Ang punong-abala ng 'Mga Luha' ay si Pastor Heejin Lee, Tagapangulo ng Komite ng Sining, at ang Direktor ng Produksyon ay si Elder Seongdae Yang. Nagtatrabaho si Elder Yang sa MBC Art Center bilang taga-gawa ng disenyo. Si Diakonesa Jin Lee, Administrador ng Komite ng Sining ang nagsilbing direktor ng musika sa tulong ni Diakono Hangu Kim, bise-konduktor ng Nissi Orchestra. Nagsama sa pagtatanghal ang mga miyembro ng Komite ng Sining at ang United Choir. Kumuha din sila ng mga propesyunal sa teatro para mamahala sa ilaw at iba pang pangangailangan. Marami ang naging interesadong manood.

Sinabi ni Elder Seongdae Yang, Direktor ng Produksyon, "Naantig ang damdamin ko habang pinaghahandaan ang pagtatanghal para sa Pasko ng Pagkabuhay para alalahanin ang muling pagkabuhay ng Panginoon. Malaki ang pagpapasalamat ko dito. Pinag-isipan kong mabuti ang palabas para maihatid ng mas mabuti ang mensaheng mula sa Diyos. Taos-puso ang paghahandang ginawa ng grupong namahala sa produksyon at ng mga nagsiganap."

Ang pagtatanghal tuwing Pasko ng Pagkabuhay ay ginaganap taun-taon sa pangalawang bahagi ng Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes. Hinahaplos nito ang damdamin ng mga nanonood at inihahatid sa kanila ang pag-ibig ng Panginoon. Magmula noong taong 2009, gumagamit na ito ng mga awitin at kwento mula sa Diyos, nagbibigay ito ng mas malaking kasiyahan sa mga tao.

Noong taong iyon, 2009, ipinalabas nila ang 'Reminiscence' (Pagalaala). Tungkol ito sa pagalaala ni Jesus sa Getsemani bago Siya ipako sa krus. Espesyal ang ang pagkakagawa nito.

Noong taong 2010, ang 'The Love of the Lord' (Ang Pag-ibig ng Panginoon) ay itinanghal. Tungkol ito sa pagtatapat ni Maria Magdalena kay Jesus at ni Pedro na nagkaila sa Kanya nang tatlong beses bago Siya ipako sa krus.

Noong taong 2011, itinanghal ang 'The Way of the Lord' (Ang Daan ng Panginoon). Ito ay isang drama na ikinuwento sa pamamagitan ng sayaw. Ipinakita dito ang mga anghel na kasama ni Jesus sa Kanyang ministeryo, kamatayan sa krus, muling pagkabuhay, at pag-akyat sa langit.

Sa pagtatanghal noong taong 2012, 'The Name of Love Is Jesus Christ' (Ang Pangalan ng Pag-ibig ay Jesu-Cristo), pinagbulay-bulayan ni Apostol Pablo ang ministeryo ni Jesus sa mga tao at isinapuso ang pag-ibig na ipinakita sa krus. Noong taong 2013, sa pagtatanghal na 'The Lord is the Christ' (Ang Panginoon ay ang Cristo), inalala nina Maria Magdalena, Apostol Pedro at Juan ang mga panahong kasama nila si Jesus. Inihatid nito sa mga tao ang walang hanggang pag-ibig ng Panginoon.

Matapat na isinasabuhay ng mga miyembro ng iglesya ang Salita at panalangin na may pusong naghahangad sa Pasko ng Pagkabuhay para matupad ang kalooban ng Panginoon.

Ang Pagtatanghal para sa Pasko ng Pagkabuhay ay ipinalabas noong Abril 18, 2014 sa pinakamalaking santuwaryo sa pangalawang bahagi ng Magdamag na Pagsamba Tuwing Biyernes. Napanood ito sa buong mundo sa pamamagitan ng GCN (www.gcntv.org).

# Ang Karunungan ay Matatag at Hindi Nagtatangi, Walang Pagkukunwari

"Ngunit ang may karunungang mula sa Diyos, una sa lahat, ay may malinis na pamumuhay, sila'y maibigin sa kapayapaan, mahinahon, mapagbigay (o makatwiran), mahabagin, at masipag sa paggawa ng mabuti, hindi nagtatangi, at hindi nagkukunwari" (Santiago 3:17, Magandang Balita Biblia).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Kung minsan, sinasabi ng mga taong walang katotohanan ang tungkol sa isang bagay batay sa sarili nilang baluktot na opinyon at pagtatangi. Ang pagkiling sa isang panig ay pagtatangi at ito ay nagiging pagkukunwari. Magiging totoo tayo kung wala tayong pinapanigan at walang pagkukunwari. Kung wala tayong kinikilingan, makikita natin kung ano ang totoo. Kung ganito ang gagawin natin, magkakaroon tayo ng karunungan na makakakita ng kabutihan sa lahat ng bagay.

Anong dapat nating gawin para magkaroon ng karunungang matatag, walang pagtatangi at walang pagkukunwari?

### 1. Para maging matatag, walang pagtatangi at pagkukunwari, dapat mayroon tayong pag-ibig at habag

Ang kahulugan ng 'walang pagtatangi' ay pagtingin sa lahat ng bagay ng may matatag na integridad o karangalan at walang pinapanigan. Kung wala tayong itinatangi, magiging matapat tayo sa lahat ng tao. Ibig sabihin, hindi tayo titingin sa panlabas na anyo, kayamanan, pinag-aralan, at ibang pang kondisyon. Bago natin makita ang lahat ng bagay ayon sa hustisya at karangalan, dapat tayong magkaroon ng pag-ibig at habag.

Kahit marami tayong nalalaman tungkol sa Salita ng Diyos, hindi natin ito maisasabuhay ng maayos kung wala tayong pag-ibig at habag. Halimbawa, sinasabi sa atin ng Diyos na 'mahalin natin ang ating mga kaaway'. Hindi madaling mahalin ang mga nananakit sa atin o ang mga taong ni hindi natin maunawaan. Ang dahilan nito ay sapagkat nakakiling tayo sa personal nating mga kagustuhan, ugali, pagmamalinis, at mga opinyon. Kikiling tayo sa isang bagay kung wala tayong pag-ibig at habag. Kung hindi ito sang-ayon sa mga personal na ideya natin, madaling humusga at humatol.

Magkakaiba ang tingin ng bawat tao sa kapwa nila. Parang 'magnifyng glass', mataba siya kung titingnan siya mula sa 'convex lens', at payat kung titingnan mula sa 'concave lens'. Kung sasabihin nating mataba o payat ang isang tao batay sa opinyon natin, anong mangyayari? Pwedeng sabihing nagsisinungaling tayo. Baka sumama pa ang loob ng taong ito. Magkakaroon din ng pagsisinungaling.

Hindi namimintas ng kapwa ang mga taong puspos ng katotohanan, pag-ibig, at habag kahit ano pa ang mangyari. Tinatanggap na lang nila ang ibang tao, may mahabaging kalooban. Nagbubunga ng kabutihan ang habag, nagbibigay ito ng buhay, samantalang ang 'pagkiling' ay magbubunga ng kasamaan. Binabaluktot nito ang katotohanan, nanghuhusga, at nanghahatol. Ang resulta nito ay kamatayan.

Noong panahon ni Jesus, ganito ang ginawa ng mga Fariseo at escriba. Ibinagay nila ang Batas sa opinyon nila. At kung may nangyayaring hindi tama batay sa opinyon nila, sinasabi nilang mga makasalanan ang mga taong gumagawa nito.

Nang magpagaling si Jesus ng maysakit sa araw ng Sabbath, sinabi nilang paglabag ito ng Sabbath. Hindi pagbabawal sa paggawa ng lahat ng klaseng trabaho ang tunay na kahulugan ng 'panatilihin ang Sabbath'. Ito ay pagpapahinga ng espiritu. Ang pagpapagaling ng mga may karamdaman, pagpapahayag ng ebanghelyo, at pagbuhay ng mga kaluluwa ay kabutihan. Ginagawa ito kung araw ng Sabbath. Pero hinusgahan ng mga Fariseo at escriba ang ginawa ni Jesus na paglabag sa araw na ito.

### 2. May mga nagsisinungaling dahil sa pabagu-bagong pagkiling

Hindi naiisip ng mga tao na ang pagsisinungaling ay bunga ng pagkukunwari at pabagu-bagong pagkiling sa araw-araw na buhay natin. Halimbawa, nag-away ang dalawang magkapatid na lalaki. Kung tatanungin ninyo ang mas matandang kapatid, "Bakit kayo nag-away?", baka sabihin niyang, "Sinuntok niya kasi ako!" Kung ang mas batang kapatid naman ang tatanungin ninyo, sasabihin niyang, "Gusto niyang agawin ang laruan ko, kaya sinuntok ko siya!"

Kung pagsasabihan ninyo ang mas batang kapatid, at ang mas matanda lang ang papakinggan ninyo, sasama ang loob ng kapatid na mas bata. Kung mas papaboran ng mga magulang ang mas matandang kapatid, o kung ang mas bata ang palaging gumagawa ng gulo, mas paniniwalaan nila ang mas matandang kapatid. Pero kung marunong o matalino ang mga magulang, magdedesisyon sila batay sa hustisya at integridad.

Binabago naman ng iba ang katotohanan para sa sariling pakinabang. Nilalagyan o dinadagdagan nila ito ng mga sarili nilang opinyon. Dahil hindi sila matatag, nauuwi sila sa pagsisinungaling nang hindi sinasadya. Halimbawa, ipagpalagay nating pinagbintangang gumawa ng masama ang isang taong mahal ninyo. Malamang sasabihin ninyong, "Imposible iyon." O kaya, pagtatakpan ninyo ang ginawa niyang mali, sasabihin ninyong marahil may magandang dahilan kung bakit niya ginawa ito. Gayon pa man, kung hindi ninyo gusto ang taong ito, baka paniwalaan agad ninyo ang sinabi. At iisipin ninyong, "Ginawa na niya ito dati, inulit pa." Magdadahilan pa kayo kung bakit hindi ninyo gusto ang taong ito, sasabihing, "Kaya hindi ko siya gusto e..." Dahil sa 'pabago-bagong pag-iisip' na dala ng pagkiling, sa halip na alamin kung ano ang totoo, manghuhusga na lang kayo.

Magbibigay ako ng isa pang halimbawa, ipagpalagay nating may nakasalubong kayong kakilala, pero hindi niya kayo pinansin. Pwedeng abala siya o marami siyang iniisip. Pwede rin namang may malaking problema siya at dapat munang hindi makipag-usap kahit kanino.

Kung may kinikilingan tayo, huhusgahan natin siya. Pwedeng nating isipin na hindi maganda ang ugali niya o kaya gamitin natin ang mga nakaraang karanasan natin sa kanya at emosyon, sabihing, "Baka may galit siya sa akin dahil hindi ko siya pinagbigyan noong humingi siya ng tulong." Sa ganitong mga pagkakataon, hindi tayo nakikinig sa tinig ng Banal na Espiritu, nakapikit ang mga mata natin at hindi natin nakikita ang katotohanan.

### 3. Maging matapat sa karunungan ng Diyos sa lahat ng bagay

Una, dapat nating tandaan na pagtatangi ang pagkiling sa mga dukha (Exodo 23:3). Huwag tayong pumanig sa mga mayayaman at makapangyarihan para sa sariling pakinabang, pero huwag din nating itangi ang mga dukha at mahihina dahil sa kalagayan nila.

Kadalasan, pumapanig ang mga tao sa mahihina kung may usapin sa pagitan ng mga makapangyarihan at mahihina. Dapat nating gamitin ang Salita ng Diyos bilang pamantayan para sa pagdedesisyon tungkol sa mga bagay. Dapat tayong magkaroon ng matatag, at tamang panghusga sa pagitan ng tama at mali, pero mayroon ding pag-ibig at awa.

Pangalawa, para hindi magkaroon ng pabagu-bagong pagkiling o kasinungalingan, huwag tayong manghusga batay sa sinasabi sa atin ng ibang tao. Kung may kinikilingan tayo, hindi natin makikita ang katotohanan kahit personal nating narinig o nakita ang isang pangyayari. Kung magpapasya tayo batay sa sarili nating palagay, o batay sa impormasyong sinabi sa atin ng ibang tao, mas malamang na magkamali tayo. Dapat tayong maging maingat sa paghusga tungkol sa mga bagay na nakikita at naririnig natin para maging matuwid at patas tayo.

Panghuli, para maging matatag at walang kasinungalingan, dapat nating iwaksi ang mga sama ng loob at mga makasariling motibo. Kadalasan, hindi mahigpit ang pamantayan ng mga tao sa malalapit o mababait sa kanila. Halimbawa, kung may nilabag na batas ang isang taong hindi malapit sa atin, sasabihin nating, "Mayabang ang taong ito, hindi siya sumusunod sa batas at hindi maganda ang ugali niya." Pero kung mga kaibigan at mga miyembro ng pamilya natin ang lumabag sa batas, iisipin nating mayroon silang dahilan.

Kung mayroon tayong nararamdamang sama ng loob o galit, makasarili sa salita at isipan, kailangan nating maging maingat, suriin natin ang sarili. Lalong lalo na kung may kinalaman ito sa mga mahal natin sa buhay o malalapit na kaibigan. Dapat tayong kumilos at magsalita ng patas at may hustisya. Mas dapat maging maingat ang mga lider at nasa mataas na posisyon sa mga kumpanya o mga organisasyon. Baka iniisip nilang patas ang mga desisyon nila habang kabaliktaran nito ang iniisip ng ibang tao.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, sinabi ni Jesus sa mga alagad Niya sa Mateo 7:5, "Ikaw na mapagkunwari, alisin mo muna ang troso sa iyong sariling mata at nang magkagayon, makakakita ka nang malinaw upang maalis mo ang puwing sa mata ng iyong kapatid." Nakikita ng mga tao ang puwing sa mata ng kapwa nila kahit may malaking kasalanan din sila na parang troso dahil wala silang espirituwal na pagmamahal. Kapag iwinaksi natin ang kasalanan at kasamaan, at maging banal, makikita natin ang kalooban ng ibang tao at kung ano ang situwasyong kinalalagyan nila. Kaya, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na kabutihan nawa ang makita, madama, at maisip ninyo at kilalanin ang bawat bagay ng may hustisya at katapatan.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Ang Kalooban at Pag-ibig ng Diyos na nasa Punungkahoy ng Pagkakilala ng Mabuti at Masama

Nalaman ko na ang unang nilalang na lalaking si Adan at ang unang nilalang na babaing si Eva ay napunta sa pagkawasak dahil kumain sila ng ipinagbawal na bunga ng punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama. Nalalaman ng Diyos ang lahat ng bagay at nasa lahat ng dako Siya, kaya batid na Niya ang mangyayari. Pero, inilagay Niya ang punungkahoy doon. Bakit?

May mga taong nagtatanong, "Bakit inilagay ng Diyos ang punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama at pinabayaan si Adan na pumunta sa daan patungo sa kamatayan?" May mga nagsasabi pa na hindi batid ng Diyos na kakain si Adan. Pero mali ang mga sinasabi nila. Unang-una, batid na ng Diyos na kakain si Adan ng bunga mula sa punungkahoy. Ito ang dahilan kung bakit inihanda na Niya ang daan patungo sa kaligtasan para sa sangkatauhan bago pa ang Paglikha. Inihanda na Niya si Jesu-Cristo bago pa magsimula ang panahon. Pag-aralan natin ang kalooban at pag-ibig ng Diyos na nakapaloob sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama.

## Malaya ang kalooban ni Adan at Eva nang kumain sila mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama

Mula sa kasaganahan ng Halamanan ng Eden, natutuhan ng unang nilalang na si Adan ang kaalamang espirituwal. Ang mga ito ay mga bagay na tungkol sa Diyos, espirituwal na kaharian, katotohanan, kabutihan, at kaliwanagan. Binigyan din siya ng kaalamang pamunuan ang lahat ng bagay. Pinamahalaan niya bilang panginoon ang lahat ng nilikha ng mayroong kamangha-manghang kaalaman at karunungan. At nagpakarami sila, nagkaroon sila ng maraming anak (Genesis 1:28; 2:19; 3:16). Gayon pa man, may ipinagbawal na isang bagay sa kanya ang Diyos – ito ay, kumain mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama na nasa kalagitnaan ng Halamanan ng Eden.

Mababasa sa Genesis 2:16-17, "At iniutos ng PANGINOONG Diyos sa lalaki, na sinabi, 'Malaya kang makakakain mula sa lahat ng punungkahoy sa halamanan, subalit mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyon ay tiyak na mamamatay ka.'"

Nilikha ng Diyos si Adan at binigyan ito ng malayang kalooban, pwede siyang magdesisyon para sa sarili niya. Niloob ng Diyos na mabuhay ito magpakailanman sa kasaganahan ng Halamanan ng Eden. Pero dahil nilikha siya mula sa alabok sa lupa at naging buhay na espiritu dahil sa hininga ng buhay, hindi niya tatamasahin ang walang hanggang buhay kung susuway siya. Para matandaan ito ni Adan, nilagay ng Diyos ang punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama at sinabihang mag-ingat dito.

Hindi sinuway ni Adan at Eva ang iniutos ng Diyos sa loob ng hindi mabilang na panahon. Pero habang tumatagal, hindi rin nila nasunod ang utos ng Diyos sa puso nila. Tinukso ng ahas si Eva na naging malapit sa kanya. Nang mahulog siya sa tukso, kusang loob siyang kumain mula sa puno at binigyan pa ng bunga si Adan, kumain din ito. Dahil dito, dapat nilang bayaran ang ginawa nilang kasalanan. Sinabi ng Diyos na tiyak na mamamatay sila ayon sa espirituwal na batas 'ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan' (Mga Taga-Roma 6:23).

Sinabi ng Diyos, "Sa araw na ikaw ay kumain niyon ay tiyak na mamamatay ka." Ang 'kamatayang' binabanggit dito ay kamatayan ng espiritu. Ang tao ay binubuo ng espiritu, kaluluwa, at katawan, at ang pinuno ay ang espiritu. At hindi nangangahulugang maglalaho na ang espiritu kapag ito ay namatay, kundi mapuputol ang ugnayan nito sa Diyos kaya hindi na nito magagawa ang orihinal na tungkulin nito. At kung patay ang espiritu ng isang tao, ang katawan niya ay patungo sa kamatayan.

Si Adan ay isinumpa dahil sa kasalanan niya. Higit pa riyan, naging makasalanan din ang mga inapo niya at papunta sa pagkawasak. Pati ang lahat ng mga nilalang sa mundo na nasa ilalim ng kapangyarihan ni Adan ay isinumpa. Kinailangan ni Adan na magtrabaho ng mabigat para makakain (Genesis 3:17). May lumabas na mga sakit at mapaminsalang mga bagay sa isinumpang lupa. Nagdusa ang mga tao mula sa mga pagsubok na dinala ni Satanas. Tinanggap ng ahas ang sumpang higit sa lahat ng hayop, gagapang ito sa alabok (Genesis 3:14).

## Ang pag-ibig ng Diyos na nagbibigay ng tunay na kaligayahan sa pagpapadanas sa atin ng kalungkutan

Bakit inilagay ng Diyos ang punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama sa Halamanan ng Eden? Ito ay para mabigyan Niya tayo ng tunay na kaligayahan. Ang Halamanan ng Eden kung saan nanirahan si Adan ay napakaganda at mapayapa, narito na ang lahat ng bagay. Pero hindi niya maranasan ang tunay na kaligayahan. Ang dahilan nito ay sapagkat hindi pa siya nakaranas ng kalungkutan. Wala siyang sakit, kamatayan, walang aksidente, hindi niya nadama ang lungkot at sakit. Hindi niya alam ang kahulugan ng pagpanaw dahil walang kamatayan.

Matatanto ng mga tao ang kahalagahan ng isang bagay kapag mararanasan nila ang kabaliktaran nito at madarama ang koneksiyon ng mga ito sa isa't isa. Ibig sabihin, mauunawaan natin ang tunay na kaligayahan kung makakaranas tayo ng pagdurusa. Sa pagdurusa sa karamdaman, malalaman natin ang kahalagahan ng kalusugan, at magpapasalamat ng taos-puso. Kung nagutom tayo, matututo tayong magpasalamat sa masaganang pagkain. Matatanto natin ang kahalagahan ng kabutihan kapag naranasan natin ang kasamaan at kung gaano kahalaga ang liwanag kapag nasa kadiliman tayo. Kapag wala tayong nalalaman tungkol sa kahirapan, hindi tayo magpapasalamat sa kayamanan. Kung walang galit, hindi natin malalaman kung gaano kabuti ang pag-ibig.

Nabuhay si Adan sa Halamanan ng Eden na walang kalungkutan. Wala siyang kakayahang pahalagahan ang kaligayahang tinatamasa niya. Dahil hindi niya batid kung ano ang kamatayan, hindi niya naunawaan ang tunay na kahulugan ng sinabi ng Diyos, "Sa araw na ikaw ay kumain niyon ay tiyak na mamamatay ka." Mahal na mahal ng Diyos si Adan kaya ibinigay Niya ang lahat ng pangangailangan nito. Pero hindi ito nagpasalamat ng taos-puso.

Gayon pa man, pagkatapos ng pagkakasala niya, pinalayas si Adan mula sa Halamanan ng Eden at dumanas ng mga pagdurusa. Nagutom, napagod, at gininaw, naranasan niya ang paglisan, kalungkutan, at sakit na dinala ng kasalanan. Dahil dito, nakita niya kung gaano siya kasaya sa Halamanan ng Eden. Ibig sabihin, hindi makikita ng mga nilalang ang kahalagahan ng isang bagay kung hindi nila mararanasan ang kabaliktaran nito. Ito ang dahilan kung bakit inilagay ng Diyos ang punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama sa Halamanan ng Eden para maunawaan ito ng mga tao.

Tayo ay mga inapo ni Adan na hinubog mula sa alabok sa lupa, mararanasan natin kung gaano kabuti ang buhay sa langit pagkatapos nating dumaan sa proseso ng pangangalaga. Dahil batid ng puso natin kung gaano kabuti ang buhay sa Langit kung saan walang kasalanan at kalungkutan, mabubuhay tayong may kaligayahan at kasiyahang nagpapasalamat sa Diyos sa pagbibigay sa atin ng Langit.

Samakatwid, ang mga tumanggap kay Jesu-Cristo at nabubuhay nang may tunay na pananampalataya at pag-asa para sa Langit ay magkakaroon ng pasasalamat at kaligayahan sa kahit na anong buhay dito sa mundo (2 Mga Taga-Corinto 4:17-18). Kung matatanto natin ang pag-ibig ng Panginoon na lumutas sa problema ng atin kasalanan, tatamasa tayo ng tunay na kaligayahan habang umaasa sa Langit.

# "Mas pinapurihan ko ang Diyos nang gumaling ako sa sakit sa baga!"

Noong taong 2003, nabali ang kanang tadyang ko at napinsala ang baga ko kaya naglagay ng tubo sa dibdib ko. Dahil dito, kahit sipon o ubo lang ang sakit ko, kailangan kong pumunta sa doktor. Hindi lang pisikal ang sakit ko, may problema din ang espiritu ko, parang tuyong lupa. Nagbasa ako ng mga librong isinulat ng mga kilalang pastor at nanalangin. Pero kahit mabuti ang impluwensya nito sa buhay ko, hindi natanggal ang pagkauhaw ng espiritu ko.

Noong Enero 2010, nakita ko ang librong *Spirit, Soul, and Body* na isinulat ni Dr. Jaerock Lee sa bahay ng hipag kong si Diakonesa Sunok Lee. Binasa ko ito. Ang libro ay tungkol sa Bagong Jerusalem (Apocalipsis 21:2), ang plano ng Diyos na pangangalaga ng sangkatauhan, at buong espiritu (1 Mga Taga-Tesalonica 5:23) na hindi ko alam dati. Namangha ako dito. Noong Hunyo 2010, nagparehistro ako sa Manmin Central Church na pinaglilingkuran ni Dr. Lee at nagsimula ng panibagong buhay bilang isang Cristiano.

Isa akong manganganta ng mga papuring awitin, naging soloista ako ng komite ng sining ng iglesya. Pero nagkaroon ako ng problema. Habang nagpapraktis ako ng espesyal na awitin para sa pagsamba, sinipon ako, nahirapan akong huminga. Hindi ako makakantang mabuti at kinailangan kong uminom ng gamot. Paulit-ulit na nangyari ito, napapahiya na ako dahil hindi ako makapagpakita ng pananampalataya sa iglesya kung saan naipapahayag ang kapangyarihan ng Diyos.

Disidido akong mapagtagumpayan ang pagsubok na ito. Noong Disyembre 6, 2013, may nangyari sa akin habang pinaghahandaan ko ang espesyal na pagtatanghal. Nagkasipon at plema ako, at naging malala pa. Nang malapit na ang mismong pagtatanghal, nanakit ang dibdib ko, parang tinutusok ng kutsilyo. Hindi ako pumunta sa ospital, nagdesisyon akong magpagaling sa pamamagitan ng pananampalataya. Tumanggap ako ng panalangin mula kay Mrs. Boknim Lee, Pangulo ng Manmin Prayer Center, at mula kay Pastor Heejin Lee, Tagapangulo ng Komite ng Sining. Maayos kong nakanta ang espesyal na awitin.




Diakonesa Sunwoo Lee
(49 taong gulang, 1-2 Parish, South Korea)

Para makatiyak ng paggaling ko sa pamamagitan ng pananampalataya, nagpasuri ako sa ospital. Nakita sa CT scan na hindi maganda ang lagay ng kanang baga ko, at mayroon akong 'pneumothorax' (ito ay hindi normal na pag-iipon ng hangin o gas sa pagitan ng baga at dibdib, pumipigil ito sa normal na paghinga). Pagkatapos, sinuri ko ang sarili ko at pinagsisihan ang mga pagkukulang ko hanggang sa bumalik si Dr. Lee mula sa bundok panalanginan.

Pinagsisihan ko ang kagustuhan kong maging tanyag sa iglesya sa pamamagitan ng pagkanta ko sa pagsamba. Pagkatapos, naghanda na ako para tanggapin ang panalangin para sa paggaling. Noong Disyembre 29, 2013, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee na may maalab na puso. Agad tumigil ang pag-ubo ko, nabawasan ang plema. Kinabukasan, gumaling na ako, napakasaya ko!

Noong Enero 15, 2014, tumanggap ako ng kasiguruhan na magaling na ako, nagpasuri akong muli. May mabuting balita sa akin ang doktor, sinabi niya, "Gumaling na ang pneumothorax. Malinis at malusog na ang baga mo." Hallelujah!

Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay ibinibigay ko sa Diyos na nagpagaling sa akin mula sa hindi gumagaling na sakit sa baga. Niloob Niyang magpuri ako nang may malusog na pangangatawan.




▲ Bago ipanalangin (Disyembre 9, 2013): pneumothorax sa kanang baga
▲▲ Pagkatapos ipanalangin (Enero 15, 2014): normal at magaling na ang baga

Kapatid Rajendra Prasad Bist, Malaysia

# "May hindi pangkaraniwang pangyayari sa cellphone ko pagkatapos kong kopyahin ang mga sermon dito!"



Ipinanganak at lumaki ako sa isang pamilyang Hindu sa Nepal, sumasamba sila sa mga diyus-diyosan. Pero tinanggap ko ang Panginoon dahil sa pagpapala ng Diyos. Nagsusulong ako ngayon ng masayanag buhay.

Noong Setyembre 2013, nagpunta ako sa Kathmandu, ang punong lungsod ng Nepal para kumuha ng visa patungong Malaysia. Nakitira ako sa bahay ng tiya ko sa loob ng isang buwan. Nagtatrabaho siya sa Manmin Mission Center, Nepal (Pastor Grace Lee).

Pinatotohanan niya na si Dr. Jaerock Lee, ang Punong Pastor ng Manmin Central Church sa Seoul, ay nagdusa sa maraming karamdaman sa loob ng pitong taon. Gumaling siya mula sa lahat ng ito nang makilala niya ang Diyos. Nang marinig ko ito, inisip kong tunay na buhay ang Diyos. Nagsimula akong magbasa ng Biblia at nagpunta ako sa Manmin Mission Center sa Nepal. Nakinig ako ng mensahe at nanalangin ako doon.

Bago ako tumungo sa Malaysia, kinopya ko ang mahigit sa 80 serye ng mga sermon ni Dr. Lee sa cellphone ko. Pagdating ko sa Malaysia, sa unang linggo ko doon, pinakinggan ko ang mahigit sa limang sermon araw-araw at nanalangin ako nang mahigit sa isang oras. Pinagpala ako dahil natanggap ako sa Hero Supermarket. Nagsubi ako ng ikapu mula sa sweldo ko. Nagpapasalamat ang puso ko.

Pagkalipas ng isang buwan, may naranasan akong kamangha-manghang bagay. Lumabas sa screen ng cellphone ko si Jesus na nakapako sa krus ng dalawang beses. Habang nandoon ito, mayroong panalanging tumagal ng limang minuto, pagkatapos mga awiting papuri. Nalaman ko pagkatapos na ang panalangin ay mula kay Dr. Lee. Nagulat ako dahil wala namang litrato ng nakapakong si Jesus sa cellphone ko.

Nagpapasalamat ako sa pag-ibig ng Diyos na niloob na maranasan ko ang ganitong bagay. Nagpatuloy ako sa pakikinig ng mga sermon sa cellphone ko at natanto ang pag-ibig ng Diyos at ng Panginoon. Nagsikap din akong magtrabaho ng maigi at tapat, gumawa ng mabuti, isipin ang kapakanan ng ibang tao, at isipin ang ikakabuti nila tulad ng itinuturo ni Dr. Lee. Binigyan ako ng pagpapahalaga sa trabaho ko dahil dito, at tinaasan ang sweldo ko. Hallelujah!

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

Manila Manmin Holiness Church
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
2-735-1423

Bataan Manmin Holiness Church
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

Isabela Manmin Holiness Church
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
0905-649-1120

Cavite Manmin Holiness Church
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

Imus Manmin Holiness Church
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

Cebu Manmin Holiness Church
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

Davao Manmin Holiness Church
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714